
3 Nephi 27–4 Nephi
(OKTUBRE 19–25)

# Ano ang ibig sabihin ng tunay na magbalik-loob?

Matapos ang pagpapakita ng Tagapagligtas sa mga Nephita, nakaranas sila ng halos 200 taon ng pagkakaisa at kapayapaan dahil sila ay "nagbalik-loob na lahat sa Panginoon" (4 Nephi 1:2).

Ano ang ilan sa iba pang halimbawa ng mabubuting gawa ng mga Nephita? Maaari mong basahin ang 4 Nephi 1:2–15 at punan ang mga patlang ng iba pang halimbawang makikita mo:


- ________________________
- ________________________



### Kaligayahan at Pagkakaisa

Ang mga Nephita ay naging maligaya at nagkakaisa sa pamamagitan ng kanilang mabubuting gawa (tingnan sa 4 Nephi 1:2–15).

- Sila ay naging patas at mabait sa isa't isa.
- Sinunod nila ang mga kautusan ni Cristo.
- Sila ay naging mapagkumbaba sa pag-aayuno at panalangin.



### Kalungkutan at Pagkakahati

Sa kasamaang-palad, hindi nagtagal magpakailanman ang mga taon na iyon ng pagkakaisa at kaligayahan. Sa huli, tumigil ang mga Nephita sa pagsunod sa mga kautusan ng Diyos (tingnan sa 4 Nephi 1:24–31). Sa paggawa nito:

- Sila ay naging makasarili at mapagmataas.
- Nagtayo sila ng sarili nilang mga simbahan para sa pinansiyal na pakinabang.
- Itinatwa nila ang Simbahan ni Cristo.

### TALAKAYAN

- Ikumpara ang kaligayahan ng mabubuting Nephita sa kalungkutan noong sila ay naging masasama. Pagnilayan ang pagkakaiba at maghanap ng mga paraan na maaari kang mas magbalik-loob sa Panginoon.
- Maaari ka bang pumili ng isang bagay na maaari mong pagbutihin sa iyong buhay?
- Paano ka matutulungan ng mga bagay na ito na mas mapalapit sa iyong mga kaibigan, kapamilya, at sa Panginoon?

PAGLALARAWAN NI JOSH BLACK